PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN NG COUNTY NG SANTA CLARA

Nirebisa: Pebrero 2022

Talaan ng mga Nilalaman

Panimula 4
Bahagi 1 – Plano sa Pangangasiwa ng Halalan 6
Proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM) 6
Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo 7
Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota 8
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota 8
Mga Sentro ng Pagboto 11
Pagpaparehistro ng Botante 12
Mga Pamalit na Balota 12
Pansamantalang Pagboto 12
Madaling Magamit na Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto 13
Tulong sa Wika 14
Pagsasaalang-alang ng Paglalagay ng Sentro ng Pagboto 15
Bumubuo sa mga Opisyal sa Halalan 16
Mga Elektronikong Libro ng Pagboto (Mga E-Pollbook) 17
Pakikipag-ugnayan 18
Mga Pagsangguni sa Publiko 18
Mga Paunawa sa Publiko 18
Mga Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika at Kakayahan sa Pagboto 19
Bahagi 2 – Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante 20
Seksyon 1: Kontak sa Botante – Pangkalahatan 20
Paggamit ng Media 20
Plano para sa Presensiya sa Komunidad at mga Materyal sa Edukasyon ng Botante 22
Mga Direktang Pagpapakoreo 22
Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon ng Botante sa Website ng ROV 22
Seksyon 2: Kontak sa Botante – Mga Komunidad ng Minorya sa Wika 22
Pagtukoy sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika 23
Mga Komunidad ng Minorya sa Wika na Paglilingkuran 23
Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika 23
Paggamit ng Media na Target ang mga Komunidad ng Minorya sa Wika 23
Mga Opisyal sa Halalan 24
Seksyon 3: Kontak sa Botante – Mga Botanteng may mga Kapansanan 25
Mga Paraang Ginagamit upang Matukoy ang mga Pangangailangan ng mga Botanteng may mga Kapansanan 25

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng may Kapansanan 26
Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may mga Kapansanan 26
Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa Komunidad ng May Kapansanan 26
Mga Materyal na Ginagamit sa Pagbibigay ng Kaalaman sa Mga Botanteng may Mga Kapansanan 27
Mga Opisyal sa Halalan 27
Seksyon 4: Impormasyon Tungkol sa Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota 27
Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto 27
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota 28
Mga Hakbang na Pampigil 28
Alternatibong Plano 29
Seksyon 5: Mga Plano sa Seguridad at Pagkapribado ng Sentro ng Pagboto 29
Disenyo at Balangkas-kayarian ng Sentro ng Pagboto 29
Seguridad ng Pagboto 30
Seksyon 6: Badyet 31

Panimula

Ang Voter's Choice Act ng California (VCA), o Panukalang-batas ng Senado (SB) 450 (Allen, D-26) ay pinirmahan upang maging batas noong ika-29 ng Setyembre, 2016, pagdaragdag ng Seksyon 4005 sa Kodigo sa mga Halalan ng California, nagpapahintulot sa mga awtorisadong county, pagkaapruba ng Lupon ng mga Superbisor, upang magsagawa ng anumang halalan sa pamamagitan ng koreo, na may mga partikular na iniaatas. Sa ilalim ng VCA, ang lahat ng botante ay padadalhan sa koreo ng isang balota na magsisimula 29 na araw bago ang halalan, at ang bawat county ay magtatakda, na mayroong mungkahi ng publiko, ng maraming Lokasyon ng Drop-off ng Balota at mga Sentro ng Pagboto sa buong county kung saan maaaring ipatala ng sinumang botante ng county ang kanilang botong nasa balota. Ang batas na pinagtibay na ito ay isa sa maraming reporma sa halalan na idinisenyo upang baguhin kung paano isinasagawa ang halalan upang mapataas ang bilang ng paglahok ng botante at pakikipag-ugnayan sa botante sa pamamagitan ng pagpapalawak ng mga opsyon sa pagboto.

Bago ang VCA, isinasagawa ang mga halalan sa ilalim ng tradisyonal na modelong lugar na botohan. Ito ay isang pinagsamang modelo ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at pangangasiwa ng lugar ng botohan. Ang §12261 ng Kodigo sa mga Halalan ay (a) nag-uutos sa mga Opisyal sa Halalan ng County na magtatag ng mga presintong botohan, na may pinakamaraming 1,000 botante at ang bawat isa ay may natatanging lokasyon ng pagboto (na nagsisilbi ring mga datos na nagpapahintulot sa county at sa estado na iulat ang mga resulta ng halalan batay sa bawat presinto ng pagboto). Noong 2002, pinalawak ang Kodigo sa Mga Halalan ng California upang mabigyan ang sinumang botante ng kakayahang humiling ng status ng Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at awtomatikong mapadalhan ng balota; ang sinumang iba pa na gustong bumoto sa pamamagitan ng koreo ay kinailangang magsumite ng kahilingan sa bawat halalan o bumoto nang personal sa kanilang nakatalagang lugar na botohan na iba sa kanilang presinto sa pagboto at uri ng balota.

Noong Abril 2019, inaprubahan ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara ang pagsasagawa ng mga halalan ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa ilalim ng VCA. Sa pagpapatupad ng VCA ng County ng Santa Clara, isasagawa na ngayon ang mga halalan sa ilalim ng bagong Modelong Sentro ng Pagboto. Sa bagong modelo, ang *bawat* nakarehistrong botante ay awtomatikong padadalhan ng balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na magsisimula 29 na araw bago ang nakaiskedyul na halalan. Magagawa ng mga botante na ibalik ang kanilang balota sa alinman sa tatlong paraan: sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), sa alinmang lokasyon ng Drop-off ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa county. Hindi inaatasan ang mga botante na bumoto sa pamamagitan ng koreo at sa halip ay maaari silang kumuha ng balota upang bumoto nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante (ROV) o sa ***alinmang*** Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara. Sa ngayon, sa halip na sa isang lugar lang maaaring bumoto ang mga botante, bubuksan ang Mga Sentro ng Pagboto sa ***lahat*** ng nakarehistrong botante sa County ilang araw bago ang Araw ng Halalan, bilang karagdagan sa pagbubukas ng mga ito sa Araw ng Halalan.

Upang higit na matiyak na ang komunidad ay lubos na nabibigyan ng impormasyon tungkol sa mga pagbabago sa VCA, parehong binuo ng ROV ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC). Ang layunin ng VAAC ay upang magpayo, tumulong sa pagpapahusay ng, at magkaloob ng mga rekomendasyon na nauukol sa akses sa proseso ng paghalal ng mga nakatatanda at mga taong may mga kapansanan. Ang misyon ng VAAC ay upang magkaloob sa lahat ng botante ng pagkakataong bumoto nang independiyente at pribado. Ang layunin ng LAAC ay upang magpayo, tumulong at magkaloob ng mga rekomendasyon sa mga bagay na kaugnay ng paggamit ng wika sa proseso ng paghalal ng mga botante na hindi

Ingles ang pangunahing sinasalita. Misyon ng LAAC na tumulong sa pagpapahusay ng mga pagkakataon sa paggamit ng wika. Ang parehong komite ay nag-aalay ng mahalagang patnubay sa ROV at parehong mga pangunahing bahagi sa pakikipag-ugnayan ng botante at pangangasiwa ng halalan para sa County. Ang ROV ay patuloy na tumatanggap ng mga aplikasyon para sa pagiging miyembro sa alinman sa LAAC o VAAC. Upang mag-aplay para maging miyembro ng alinmang komite, ang aplikasyon ay makukuha sa website ng ROV: www.sccvote.org/voterschoice.

Binuo rin ng ROV ang Koalisyon para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante (VEOC) upang palawakin ang programa nito sa edukasyon ng botante at mabigyan ng kaalaman ang mga residente tungkol sa VCA at sa mga oportunidad para sa paglahok ng komunidad. Kabilang sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) na ito ang feedback at impormasyon mula sa mga komiteng ito at sa iba't ibang kasamang organisasyon. Bukod dito, ang feedback na natanggap mula sa publiko sa pamamagitan ng aming online feedback form at mga pampublikong pagpupulong ng EAP ay masinsinang isinasaalang-alang at ipinapatupad kung saan naaangkop. Napakahalaga ng pagkuha ng suporta ng komunidad sa matagumpay na pagsasagawa ng mga halalan sa ilalim ng VCA at bagong pamamaraan ng pangangasiwa ng mga halalan sa County ng Santa Clara. Sa pamamagitan ng feedback na nakuha mula sa publiko tungkol sa pagdaraos ng mga halalan ng County sa ilalim ng VCA, ini-update ng ROV ang pag-uumpisang EAP upang sumalamin sa mga hinihiling na pagbabago.

Nagbibigay ang dokumentong ito ng gabay sa kung paano isasagawa ng County ng Santa Clara ang mga halalan sa ilalim ng VCA. Para sa sanggunian, binibigyang-kahulugan sa glossary sa Apendise A ang anumang teknikal na termino o terminong partikular sa halalan.

Bahagi 1 – Plano sa Pangangasiwa ng Halalan

Ang bawat county na nagpapatupad ng Voter's Choice Act (VCA) ay dapat gumawa ng draft ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan na naglalaman ng impormasyong mahalaga para maunawaan kung paano makakaapekto sa mga botante ang mga pagbabago. Ang EAP ay hahatiin sa dalawang bahagi: Bahagi 1 - Pangangasiwa ng Halalan at Bahagi 2 - Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan.

Proseso ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM)

Kabilang sa EAP ang impormasyon tungkol sa mga Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng Drop-off ng Balota at mga oras, pagbuo ng parehong Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) at Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC), isang plano sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante, mga pagsasaalang-alang sa mungkahi ng publiko at paunawa sa publiko, at iba pang nauugnay na nilalaman.

Sa Modelong Sentro ng Pagboto, awtomatikong padadalhan ang lahat ng nakarehistrong botante ng opisyal na pakete para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ipadadala ang pakete sa mga botante sa isang puting sobre na naglalaman ng sumusunod:

- Isang asul na sobre para sa pagbabalik
- Opisyal na balota, na maaaring nasa maraming kard ng balota depende sa dami ng mga labanan para sa halalan
- Isang papel na may mga tagubilin kung paano kukumpletuhin at ibabalik ang balota
- Isang papel na may mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota at mga oras ng operasyon
- Isang sticker ng "I Voted"
- Isang ekstrang papel na nagtataglay ng anumang karagdagang impormasyon, kung kailangan

Ipadadala sa koreo ang lahat ng opisyal na balota sa pamamagitan ng United States Postal Service na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Pagkaraan nito, dapat simulang matanggap ng mga botante ang kanilang mga pakete ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Sa sandaling makumpleto nila ang kanilang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, maaaring ibalik ng mga botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo gamit ang ibinigay na sobre para sa pagbabalik na bayad na ang selyo, o sa pamamagitan ng pagbabalik ng balota sa alinmang Sentro ng Pagboto o lokasyon ng Drop-off ng Balota. Ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magsisilbi ring lokasyon ng Drop-off ng Balota, habang ang ilang lokasyon ng Drop-off ng Balota ay stand-alone at nakalagay sa palibot ng county sa mga itinalagang lugar.

Kung ang isang botante ay hindi nakatanggap ng kanilang balota sa tamang panahon, o kung nakagawa sila ng pagkakamali sa kanilang balota, makakahiling sila na palitan ang kanilang balota. Magpapadala sa kanila ng bagong pakete sa pagboto sa pamamagitan ng koreo na may kasamang pamalit na balota nila. Kung kailangan nilang palitan ang kanilang balota nang kulang sa pitong araw bago ang Araw ng Halalan, kakailanganin nilang bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), o alinmang Sentro ng Pagboto upang makakuha ng isang bagong balota.

Para sa mga nakarehistrong botante na hindi Ingles ang pangunahing sinasalitang wika, may mga ihahandang bilingual na balota sa walong wika: Tsino, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, at Hapon. Makakakuha rin ng mga facsimile na balota kapag humiling nito para sa mga target na presinto alinsunod sa Kodigo sa Halalan § 14201 sa mga wikang Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu. Pagpapasyahan ng Dibisyon sa Pagmamapa ng Geographic Information Systems kung aling mga presinto sa bawat halalan ang makakatanggap ng mga facsimile na balota batay sa

mga wika ng mga nakarehistrong botanteng iyon. Maaaring tukuyin ng mga botante mula sa mga wikang ito ang kanilang gustong wika sa form ng pagpaparehistro kapag nagparehistro sila para makaboto. Ipapadala sa kanila sa kanilang gustong wika ang mga balota at mga materyal sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Maaari ding hilingin ng mga botante na palitan ang kanilang gustong wika sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisina ng ROV sa pamamagitan ng telepono (408) 299-VOTE, fax (408) 998-7314, sa pamamagitan ng email sa voterinfo@rov.sccgov.org, nang personal, o sa pamamagitan ng Form ng Paghiling ng Aksyon ng Botante (VARF). Ang isang botante ay makakakuha ng VARF sa opisina ng ROV, o ito ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email, i-fax, o ipakoreo sa kanila. Bilang alternatibo, ang VARF ay maaaring matagpuan sa website ng ROV at matatagpuan din sa loob ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG).

Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang mga botante ay makakahiling ng elektronikong kopya ng kanilang Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG) na naka-tag para magamit sa pamamagitan ng pagkontak sa opisina ng ROV. Sa sandaling gawin ng isang botante ang kahilingang iyon, siya ay ilalagay sa isang permanenteng listahan at tatanggap ng email mula sa aming tanggapan sa oras ma maipaskil sa aming website ang madaling magamit na mga materyal sa pagboto sa bawat halalan. Aalisin lang siya sa listahan kung siya ay hindi na aktibo, lumipat sa labas ng county, lumitaw sa isang listahan ng mga nakagawa ng mabigat ng kasalanan, o pumanaw.

Ang isa pang madaling magamit na opsyon na mahihiling ng mga botante ay gamitin ang sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang mga sistema ng RAVBM ay unang itinalaga para magamit lamang ng mga nakarehistrong botanteng may mga kapansanan, gayon din ng mga botanteng nasa militar at nasa ibang bansa[1]. Ngunit, ang Batas ng Asembleya ng California (AB) 37 ay nagpapahintulot na ngayon sa sinumang botante na gamitin ang sistema ng RAVBM. Ang layunin ng sistema ng RAVBM ay hindi upang magpatala ng balota sa pamamagitan ng internet. Ang mga botante ng RAVBM ay pinadadalhan ng email na may link upang maakses ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga tagubilin kung paano i-download, i-print, kumpletuhin, at ibalik ang kanilang balota na may selyong pinetsahan sa araw mismo, o bago ang Araw ng Halalan, at matanggap ng ROV nang hindi lalampas ng pitong araw pagkatapos ng Araw ng Halalan. Ang mga botante, gamit ang link na ipinadala sa email, ay dapat mag-download ng balota sa kanilang mga device upang mabasa at mamarkahan ang balota sa pamamagitan ng kanilang mga naka-personalize na feature sa accessibility. Para sa sinumang nakarehistrong botante, may tatlong paraan na maaaring ibalik ng isang botante ng RAVBM ang kanilang balota: sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo, sa pamamagitan ng paghulog ng kanilang balota sa drop-box ng balota, o sa pamamagitan ng pagbabalik nito sa alinmang Sentro ng Pagboto. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa RAVBM ay matatagpuan sa website ng ROV: https://sccvote.sccgov.org/vote-mail/accessible-voting-ravbm.

Anuman ang piniling paraan ng pagbabalik, ang mga balota ay dapat ibalik nang nasa isang sobre. Inirerekomenda na gamitin ng mga botante ang sobre para sa pagbabalik na kasama sa loob ng kanilang sobre ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang sobre para sa pagbabalik ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay mayroong dalawang butas na malapit sa linyang pipirmahan upang tulungan ang mga botanteng may kapansanan sa paningin sa paghanap sa linyang pipirmahan. Maaari silang humiling ng pamalit na sobre para sa pagbabalik ng balota sa pamamagitan ng pagtawag sa ROV nang toll free sa (866) 430-8683 o maaari silang kumuha nito sa opisina ng ROV o sa isang Sentro ng Pagboto. Ang mga pamalit na sobre para sa pagbabalik ng balota ay makukuha rin

[1] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan ng California §303.3

sa mga Drop-box ng Balota. Ang mga botante ay maaari ring pumiling gumamit ng kanilang sariling sobre, pero dapat nilang isama ang isang nakalimbag at pinirmahang pahina ng Panunumpa ng Botante na nakalakip sa kanilang balota. Ang pahina ng Panunumpa ng Botante ay dapat i-download kasama ng balota sa pamamagitan ng link sa email ng RAVBM. Kung magbabalik ng balota sa pamamagitan ng pangkaraniwang koreo, hindi kakailanganin ng anumang selyo sa mga sobre para sa pagbabalik, samantalang kakailanganin naman ng sapat na selyo kapag magbabalik ng balota ang botante gamit ang sarili niyang sobre.

Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota

Para sa mga nasa ospital at may-kapansanang botante, gayon din ang mga botanteng pinamamalagi sa kanilang mga tahanan dahil sa emerhensiyang medikal, ang pamamaraan para sa Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota ay ginagamit kapag ang mga botante ay nangangailangan ng isang balota at hindi makakayang personal na makuha ang kanilang mga balota. Ang isang Aplikasyon para sa Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota ay kinakailangang makumpleto at maibalik upang ma-verify kung tugma sa kasalukuyang pagpaparehistro at pirma sa pamamagitan ng Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Halalan (EIMS) ng ROV. Dapat kumpletuhin, pirmahan, at petsahan ng nakarehistrong botante ang Aplikasyon para sa Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota. Kung ang` botante ay hindi makakapirma sa kanyang aplikasyon, maaaring may tumulong sa botante na pirmahan ito sa pamamagitan ng isang “X”. Ang kinatawang tutulong sa botante ay dapat ilimbag at pirmahan ang kanyang pangalan at ibalik ang nakumpletong Aplikasyon para sa Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota sa pangunahing opisina ng ROV sa Berger Drive. Ive-verify ng opisina ng ROV ang impormasyon at pirma ng botante sa EIMS, at sa sandaling ma-verify, maaaring mag-isyu ng balota sa botante at maghanda ng kumpletong pakete para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Pagkatapos, dadalhin ng kinatawang tumutulong sa botante ang balota sa botante sa kani-kanilang lugar. Sa sandaling makumpleto, maaaring ibalik ang balota sa pangunahing opisina ng ROV, alinmang Sentro ng Pagboto, o alinmang lugar ng drop-box para sa pagproseso kasabay ng ibang mga balota sa pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Ang mga botanteng nakabilanggo sa mga kulungan ng county ay maaari ring gumamit ng pamamaraan sa Emerhensiyang Pagpapadala ng Balota. Hindi kwalipikadong bumoto ang mga botanteng nakabilanggo sa pang-estado o pederal na bilangguan, alinsunod sa batas.

Mga Lugar ng Drop-off ng Balota

Itinatakda sa Kodigo sa mga Halalan ng California ang mga parametro sa kung paano dapat maglaan ang isang county ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota para sa mga botante. Dapat magkaroon ng isa (1) o higit na Lugar ng Drop-off ng Balota para sa bawat 15,000 nakarehistrong botante na nakahanda 28 araw bago ang Araw ng Halalan, at sa Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na 29 na araw.

Gamit ang kasalukuyang bilang ng mga nakarehistrong botante ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), ang pinakamababang kinakailangang bilang ng mga Lugar ng Drop-off ng Balota ay 67. Maaaring magbago ang bilang ng mga drop box batay sa aktwal na bilang ng mga nakarehistrong botante sa county simula sa pang-88 araw bago ang bawat halalan.

Kategorya ng Hangganan	Pinakamababang Iniaatas
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota (1 para sa bawat 15 libong nakarehistrong botante)	67

Upang malaman ang mga pinakamahusay na lugar para sa mga drop box ng balota, ginagamit ng ROV ang 14 na pamantayan na iniaatas ng Kalihim ng Estado (SOS) at ng Kodigo sa mga Halalan upang makatulong na malaman ang mga pinakamahusay na lugar para sa mga lugar ng Sentro ng Pagboto. Ang 14 na pamantayang ito ay tumutulong sa ROV sa pagkakaloob sa County ng mga pinakamadaling mapuntahang lugar para rin sa mga drop-box ng balota. Kabilang sa mga pamantayan ang:

1. Pagiging malapit sa pampublikong transportasyon
2. Pagiging malapit sa mga komunidad na may mababang bilang ng gumagamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo
3. Pagiging malapit sa mga sentro ng populasyon
4. Pagiging malapit sa mga komunidad na kabilang sa minorya sa wika
5. Pagiging malapit sa mga botanteng may mga kapansanan
6. Pagiging malapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga may-ari ng sasakyan
7. Pagiging malapit sa mga komunidad ng mababa ang kita
8. Pagiging malapit sa mga komunidad na mababa ang bilang ng mga nakarehistrong botante
9. Pagiging malapit sa mga populasyong nakahiwalay sa karamihan, kabilang ang mga reserbasyon ng Katutubong Amerikano
10. Madaling magamit at libreng paradahan
11. Distansiya at oras ng paglalakbay patungo sa Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota
12. Ang pangangailangan ng mga alternatibong paraan para sa mga botanteng may mga kapansanan na hindi madaling makakagamit ng mga balota sa pagboto-sa-pamamagitan-ng-koreo
13. Ang takbo ng trapiko na malapit sa Sentro ng Pagboto at mga Lugar ng Drop-off ng Balota
14. Ang pangangailangan ng mga nailipat na Sentro ng Pagboto

Ilalagay ang mga drop box ng balota sa mga kaukulang lokasyon ng mga ito na magsisimula 29 na araw bago ang Araw ng Halalan. Sa ika-28 araw bago ang Araw ng Halalan, dapat ay nakalagay at handa nang magamit ang lahat ng drop box. Upang matiyak na ang mga kahon ay madaling magagamit ng lahat ng botante, ang mga drop box ay dapat idisenyo upang magamit nang gaya ng mga sumusunod[2]:

- Upang pigilan ang pisikal na pinsala at di-awtorisadong pagpasok, anumang drop box na hindi nababantayan na nakalagay sa labas ng gusali ay dapat gawin sa matibay na materyal na matatag laban sa bandalismo, pagtanggal, at masamang panahon.
- Dapat ay mayroong butas ang mga drop box na hindi sapat na malaki para mapakialaman o maalis ang mga balota.
- Ang mga drop box ay idinidisenyo sa isang paraan na ang anumang di-awtorisadong akses ay maaaring magresulta sa pisikal na ebidensiya na ang di-awtorisadong akses ay nangyari. Maaaring gumamit ang isang opisyal sa mga halalan ng tamper-evident seal para sa mga layunin ng seksyong ito.
- Ang isang drop box ay dapat magkaloob ng espesipikong palatandaan na tumutukoy kung saan dapat ipasok ang mga balota.
- Bawat drop box ay dapat bigyan ng isang natatanging pagkakakilanlan na numero na matatagpuan sa drop-box at dapat na madaling makilala ng mga itinalagang tagakuha ng balota gayon din ng publiko.
- Ang drop box ay dapat na malinaw at makikita na minarkahan, bilang isang “Opisyal na Drop-box ng Balota”.

[2] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan §20132

- Ang hardware ng drop-box ay dapat gumagana nang walang anumang mahigpit na paghawak, pag-pinch, o pagpihit.
- Ang hardware ng drop-box ay hindi dapat mangailangan ng mahigit sa limang (5) libra ng puwersa para magamit ng botante.
- Ang mga drop-box ay dapat gumagana sa loob ng maaabot na 15 hanggang 48 pulgada mula sa sahig o lupa para sa isang taong gumagamit ng wheelchair (ito ay hindi dapat gamitin na isang drop box na nilalayong gamitin ng mga nagmamaneho ng mga sasakyan).
- Ang palatandaan ng drop box ng balota ay dapat na may natatanging uri ng kulay na kumokontra sa background “hindi nakakasilaw” ang pagkakagawa.
- Ang mga drop box ay dapat idisenyo sa paraang maramdaman ng publiko na ito ay opisyal at protektado ang mga ito.
- Ang bawat drop box ng balota sa buong county, may tauhan at walang tauhan, ay dapat magtaglay ng katulad na katangian sa paggamit, at may katulad na disenyo, kombinasyon ng kulay, at may palatandaan upang madaling makilala ng publiko.
- Ang sukat ng drop box ay ibinabatay sa paggamit at mga pangangailangan ng County ng Santa Clara. Ilan sa mga pangunahing bagay na dapat tandaan para sa Mga Opisyal na Drop-box ng Balota:
    - Hindi kailangan ng selyo upang ibalik ang mga balota sa mga drop box.
    - Ang mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi tatanggapin pagkaraan ng ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan sa alinmang awtorisadong lugar drop-box ng balota.
        - Ang mga drop box ay kakandaduhan sa eksaktong ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.
        - Ang eksepsiyon ay kung nakapila na ang mga botante upang ibalik ang kanilang balota sa panahong magsasara na ang Sentro ng Pagboto, o kung dinagdagan ang oras alinsunod sa utos ng hukuman.
- Ang pangingialam sa Drop-Box ng Opisyal na Balota ay isang mabigat ng kasalanan[3].
- Maglalagay ng paunawa sa bawat drop box upang payuhan ang sinumang opisyal sa mga halalan kung puno na, napakialaman, o may sira ang kahon.
- Dapat ay nakalagay sa mga kahon ang numero ng opisina ng ROV at ang toll-free na numero sa alinman sa ROV o SOS upang ipaalam kung napakialaman o may sira ang drop box[4].

Upang matiyak na may sapat na access ang mga botante na hindi Ingles ang pangunahing sinasalitang wika, mamarkahan ang mga drop-box ng “Opisyal na Drop-Box ng Balota” sa lahat ng labing-apat na wika: Ingles, Tsino, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, Hapon, Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu.

Bilang karagdagan, mayroong karatula sa bawat isa sa mga Drop-box ng Balota na nagpapayo sa botante na may makukuhang mga ekstrang sobre sa pagbabalik ng balota kung kailangan. Ang botante ay tinatagubilinan na sundin ang mga tagubilin nasa sobre, na kabilang ang paglalagay ng kanilang pangalan, direksiyon ng tirahan, petsa ng kapanganakan, at pagbibigay ng kanilang pirma. Kung gagamit ng isang Drop-box ng Balota, ang mga balota ay dapat ibalik na nakalakip sa isang sobreng may impormasyon at pirma ng botante. May ibibigay na toll-free na numero na nagpapayo sa botante na tawagan kung mayroon siyang anumang tanong o kailangan niya ng higit pang tulong.

Ang mga drop box ay idinisenyo upang matugunan ang mga iniaatas sa madaling paggamit alinsunod sa Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan (ADA). Bukod dito, ang ilang drop box ay magpapahintulot sa mga botanteng magmaneho at ideposito ang kanilang balota habang sila ay nasa

[3] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan ng California §18500

[4] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan ng California §20132

loob ng kanilang sasakyan nang hindi na kinakailangang pumarada o umalis ng sasakyan. Ang impormasyon para sa pagpunta sa drop box ay isasama sa Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County.

Mga Sentro ng Pagboto

Bubuksan ang mga Sentro ng Pagboto nang hanggang 11 araw at maglalagay dito ng bago at madaling magamit na kagamitan sa pagboto, tulong sa wika, at mag-aalok dito ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR) at pagboto sa parehong araw. Bilang karagdagan, hindi limitado ang mga botante sa isang nakatalagang lugar na botohan, pero may opsyon silang bisitahin ang alinman sa mga nakahandang lugar ng Sentro ng Pagboto sa buong County ng Santa Clara.

Sa ilalim ng VCA, inaatasan ang mga Sentro ng Pagboto na magbukas sa loob nang mas maraming araw kaysa dating nakasanayan sa mga tradisyunal na mga lokasyon na botohan. Dapat patakbuhin ang mga Sentro ng Pagboto sa dalawang panahon ng maagang pagboto: (1) Sampung araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa kabuuang 11 araw; at (2) tatlong araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa kabuuang apat na araw. Ang Kodigo sa mga Halalan ng California ay nagtatakda ng mga parametro na ang isang county ay dapat magkaloob ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto para sa mga botante:

- Magsisimula sa sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, hanggang sa at kabilang ang pang-apat na araw bago ang Araw ng Halalan, para sa kabuuang pitong (7) araw, dapat magpatakbo ng isang Sentro ng Pagboto sa bawat 50,000 nakarehistrong botante sa hurisdiksyon kung saan gaganapin ang halalan.
- Magsisimula sa tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuang apat (4) na araw, dapat magpatakbo ng isang Sentro ng Pagboto sa bawat 10,000 botante mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa hurisdiksyon kung saan gaganapin ang halalan.
- Para sa Mga Espesyal na Halalan na isasagawa sa ilalim ng modelong VCA, magsisimula sa sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, na kabuuang sampung (10) araw, dapat magpatakbo ng isang Sentro ng Pagboto sa bawat 60,000 botante; at sa Araw ng Halalan, dapat magpatakbo ng isang (1) Sentro ng Pagboto sa bawat 30,000 botante mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Upang mas mahusay na mapaglingkuran ang mga botante, nagpaplano ang County ng Santa Clara na magpatakbo ng mga karagdagang 11 araw na mga Sentro ng Pagboto na higit sa pinakamababang kinakailangan, at mga karagdagang 4 na araw na mga Sentro ng Pagboto na higit sa pinakamababang kinakailangan kung mabibigyang-daan ito ng mga mapagkukunan. Ang mga oras ng pagpapatakbo para sa lahat ng Sentro ng Pagboto ay maaaring mag-iba kada pasilidad sa mga petsa bago ang Araw ng Halalan[5]. Sa Araw ng Halalan, lahat ng Sentro ng Pagboto ay mananatiling bukas sa mga botante mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi, ayon sa Kodigo sa mga Halalan[6]. Gamit ang kasalukuyang bilang ng mga nakarehistrong botante ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), nakatala sa talahanayan sa ibaba ang pinakamababang kinakailangang bilang ng mga 11 araw at 4 na araw na Sentro ng Pagboto. Malalaman ang aktwal na pagkalkula 88 araw bago ang halalan alinsunod sa Kodigo sa Mga Halalan[7].

[5] Ang ROV ay nasa proseso pa rin ng pagkuha ng mga Sentro ng Pagboto at lahat ng ispesipikong lugar at oras ng pagpapatakbo ay hindi nakahanda sa panahon ng paglalathala.

[6] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan §4005

[7] Tingnan ang Kodigo sa Mga Halalan §12223

Kategorya ng Hangganan	Pinakamababang Iniaatas
11-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 50 libong nakarehistrong botante)	20
4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10 libong nakarehistrong botante)	81

Pagpaparehistro ng Botante

Magbibigay ang mga Sentro ng Pagboto ng marami pang serbisyo kaysa sa dating ibinibigay sa tradisyonal na modelong lugar na botohan. Ang isa sa mga pinalawak na serbisyong iniaalay sa mga Sentro ng Pagboto ay pagpaparehistro ng botante. May kakayahan na ngayon ang mga botante na magparehistro para makaboto, isapanahon ang kanilang pagpaparehistro bilang botante, at bumoto nang may kundisyon sa alinmang Sentro ng Pagboto. Ang mga botante na mapapag-alamang kwalipikadong bumoto sa ilalim ng Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (CVR) ay makakatanggap ng balota na may sobre ng CVR.

Ang CVR ay isang paraan para sa mga miyembro ng komunidad, na hindi nakarehistro para makaboto sa o bago ang 15 araw na pagsasara ng pagpaparehistro, na makapunta sa isang Sentro ng Pagboto upang magparehistro at bumoto sa parehong araw. Maaari ring gamitin ng mga botante ang CVR upang isapanahon ang kanilang tirahan o partidong pampulitika pagkaraan ng 15 araw na pagsasara ng pagpaparehistro. Gayunpaman, nalalapat lang ang pagbabago ng partidong pampulitika sa Mga Pangunahing Halalan para sa Presidente. Sa sandaling ang kinumpletong balota ng CVR ay ibalik sa opisina ng ROV, ang posibleng botante ay sasalain para sa pagiging karapat-dapat. Ang balota ay bubuksan at isasama lamang sa pagbilang pagkatapos ng pagpapatibay na ang botante ay nakatutugon sa lahat ng iniaatas sa pagiging karapat-dapat. Ang sobre ng CVR ay magsisilbi ring Apidabit ng Pagpaparehistro ng botante at maaaring pilasin ng botante ang kanyang resibo mula sa sobre upang masubaybayan nila ang lagay ng kanilang balota sa website ng ROV[8].

Mga Pamalit na Balota

Nagbibigay na ngayon sa Mga Sentro ng Pagboto ng mga pamalit na balota sa mga botante, kapag humiling nito. Ang isang botante ay maaaring humiling ng isang pamalit na balota sa alinmang Sentro ng Pagboto pagkatapos ng pagpapatibay na ang isang balota para sa kaparehong halalan ay hindi pa natatanggap ng ROV mula sa botante[9]. Kung hindi matiyak ng ROV kung ang isang balota ay natanggap na mula sa botante, maaaring ipahintulot ng ROV na bumoto nang pansamantala ang botante.

Pansamantalang Pagboto[10]

Sa alinmang Sentro ng Pagboto, ang isang botante ay maaaring bumoto nang pansamantala. Kung sasabihin ng isang botante na nakarehistro siya, pero hindi kaagad na matitiyak ng mga tauhan ng ROV ang kanyang pagpaparehistro at pagiging kwalipikado, may karapatan siyang bumoto sa pamamagitan ng pansamantalang balota. Dapat sabihin ng ROV sa botante ang kanyang karapatang gawin ito at dapat bigyan ang botante ng:

[8] Website sa Pagsubaybay sa Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: https://rovservices.sccgov.org/Home/IndexPost?selected=ab

[9] Kodigo sa Mga Halalan §4005

[10] Kodigo sa Mga Halalan §14310

- Isang pansamantalang balota na kasama ng mga nakasulat na tagubilin na nauukol sa proseso at mga pamamaraan para sa pagboto sa isang pansamantalang balota.
- Ang nakasulat na pagpapatibay na nauukol sa pagpaparehistro ng botante at pagiging karapat-dapat bumoto, na dapat pirmahan ng botante.

Upang bumoto nang pansamantala, dapat pagtibayin (pirmahan) ng botante, sa harap ng mga tauhan ng ROV, ang nakasulat na deklarasyon na nagsasaad na kwalipikadong bumoto at nakarehistro ang botante sa County ng Santa Clara. Dapat ipasok ng botante ang balota sa isang sobre ng pansamantalang balota para ibalik sa pangunahing opisina ng ROV.

Sa panahon ng opisyal na pagbilang, dapat patibayan ng mga tauhan ang tirahan ng botante at tiyakin na ang pirma sa sobre ng pansamantalang balota ay katugma ng pirma sa apidabit ng pagpaparehistro ng botante o ibang pirma sa talaan ng pagpaparehistro ng botante. Ang naiibang pirma na pumapalit sa mga inisyal para sa pangalan, gitnang pangalan, o pareho ay hindi nagpapawalang-bisa sa balota. Dapat ding patibayan ng mga tauhan ang mga karagdagang iniaatas sa pagiging karapat-dapat bago buksan at isama sa pagbilang ang balota.

Magagawa ng sinumang botante na maghuhulog ng pansamantalang balota na pilasin ang kanyang resibo mula sa sobre upang masubaybayan niya ang lagay ng kanyang balota sa website ng ROV[11]. Maaaring makipag-ugnayan ang mga botante sa ROV o maaari nilang gamitin ang website[12] upang malaman kung nabilang ang kanilang balota o hindi, at kung hindi, ang dahilan kung bakit hindi ito nabilang.

Madaling Magamit na Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto

Nilalayon ng Tagapagrehistro ng Mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara na matiyak na naisasaalang-alang ang accessibility ng botante sa buong pagpaplano at pagpapatupad ng VCA. Ang kakayahang makagamit ay isang pangunahing paksa habang ang ROV ay nagsasaalang-alang ng pagpili sa Sentro ng Pagboto, mga makina sa pagboto, at ng pagsasanay at paglalagay ng mga Opisyal sa mga Halalan upang magkaloob ng pagsunod sa alinman at lahat ng pangangailangan ng mga botante. Gagamit ang ROV ng Mga Kagamitang Pangmarka sa Balota (Ballot Marking Device, BMD), kasama ng mga naunang binuong programa, gaya ng pagboto sa pamamagitan ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM), upang maisulong ang isang ligtas, madaling magamit, at independiyenteng karanasan sa pagboto para sa bawat botante. Ang County ng Santa Clara ay nagkaloob, at patuloy na magkakaloob, ng madaling magamit na pagboto sa lahat ng Sentro ng Pagboto[13].

Gagamitin ng ROV ang Accessibility Checklist Survey ng Kalihim ng Estado ng California upang malaman ang mga katangian ng mga pasilidad ng Sentro ng Pagboto na nakakatugon sa mga pamantayan, at ang mga mangangailangan ng mga pagbabago. Lahat ng pagbabago ay itatala sa sistema ng paghahatid at sa indibidwal na librito ng Sentro ng Pagboto na may mga mapa, paglalarawan at litrato na ibibigay sa mga superbisor na namamahala sa pagtatag at pagpapatakbo ng pasilidad. Inaasahan na matutugunan ng mga pagbabago ang mga iniaatas ng Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan (ADA)[14] , at maaaring kabilang dito ang mga espasyong paradahan ng ADA, rampa, pinto, daanan, at iba pa.

---

[11] Website sa Pagsubaybay sa Pansamantalang Balota: https://rovservices.sccgov.org/Home/IndexPost?selected=pb
[12] Website sa Pagsubaybay sa Balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo: https://rovservices.sccgov.org/Home/IndexPost?selected=ab
[13] Kodigo sa Mga Halalan §19240
[14] Website para sa Batas ukol sa mga Amerikanong may Kapansanan: https://www.ada.gov/

Ang bawat Sentro ng Pagboto sa County ng Santa Clara ay magkakaroon ng hindi bababa sa tatlo (3) madaling magamit na Kagamitang Pangmarka sa Balota, ngunit ang ROV ay magbibigay ng higit pa sa mga sentro ng pagboto na matatagpuan sa mga lugar na may mas malaking populasyon at sa mga sentro ng pagboto na sa kasaysayan ay may maraming bumuboto. Ang mga Dominion Voting System ICX BMD ay nagbibigay ng independiyenteng karanasan sa pagboto para sa ilang botanteng may mga kapansanan. Ang mga BMD para sa bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng mga naaayon sa ADA na katangian at accessory na may iba't ibang opsyon sa paraan ng pagboto. Ipoprograma ang mga unit na ito sa lahat ng uri ng balota at bersyon ng wika.

Maraming katangian ang sistema ng pagboto ng County na magbibigay ng karanasan sa mas madaling pagboto. Nagbibigay-daan ang sistema na ito para sa mga biswal, audio, at tactile na interface na maaaring gamitin sa anumang gustong kumbinasyon ng botante para mag-navigate at magmarka ng balota. Tungkol sa mga pagbabago sa biswal na screen, ang laki ng font sa screen ay maaaring baguhin at ang resolusyon ng screen ay maaaring ilipat sa isang mas maliwanag na puti sa itim na background. Bilang karagdagan sa mga pagbabago ng screen, ang keypad ng Audio Tactile Interface (ATI) ay maaaring ikabit. Ang yunit ng ATI ay nagtataglay ng isang nakokontrol-ang-lakas na sangkap ng audio na pagboto na nagpapahintulot sa mga botante na pakinggan ang kanilang balota, iakma ang bilis ng pagsasalita (kung kailangan), at gawin ang kanilang mga pagpili. May kumpleto ring malalaking button ang ATI para sa pag-navigate na may mga kaukulang braille na paglalarawan at input para sa "Sip and Puff" o mga device sa pagpili ng paddle. Ang mga botanteng hindi kayang mag-isang gumamit ng mga katangian na ito ay maaaring magsama ng hanggang dalawang tao upang tulungan sila sa buong proseso ng pagboto. Bilang karagdagan, ang ROV ay nagkakaloob ng mga audio tape ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG), na makukuha kung hihilingin.

Kung sakaling hindi gumana o masira ang isa o higit pang BMD, sisimulan kaagad ng ROV ang mga pamamaraan sa pagpapalit ng anumang device, kung kinakailangan. Isasapriyoridad ang proseso ng pagpapalit batay sa mga magagamit na gumaganang unit sa lugar, mga kinakailangang kapasidad, at tindi ng pagkasira. Ang proporsiyon ng pagpapatakbo ng suporta ay isang (1) lugar ng suporta na may tatlong (3) pangkat para sa bawat anim (6) na grupo ng Sentro ng Pagboto.

Kabilang sa mga karagdagang serbisyo sa accessibility na makukuha sa bawat Sentro ng Pagboto ay ang pagboto sa gilid ng bangketa at pagkakaroon ng mga greeter na sasanayin sa pagsuri at pangangasiwa ng lahat ng kinakailangan ng botante sa buong proseso ng Sentro ng Pagboto.

Tulong sa Wika

Ang hangarin ng ROV ay magkaloob ang Sentro ng Pagboto ng ilang anyo ng tulong sa wika sa lahat ng wikang iniaatas[15]. Para sa County ng Santa Clara, kabilang sa mga wikang ito ang:

- Ingles
- Tsino
- Espanyol
- Tagalog
- Biyetnamis
- Hindi
- Hapon
- Khmer
- Koreano
- Gujarati
- Nepali
- Punjabi
- Tamil
- Telugu

Depende sa mga pangangailangan ng isang partikular na komunidad, sisikapin ng ROV na kumuha ng mga bilingual na tauhan na nakakapagsalita ng mga wikang prominente sa alinmang tinukoy na komunidad. Tutukuyin ang mga lugar na mayroong mga pangangailangan sa ispesipikong wika, gayunpaman, kung hindi magagawa ang paglalagay ng bilingual na tauhan, makikipag-ugnayan ang

[15] Kodigo sa Mga Halalan §12303

mga tauhan ng Sentro ng Pagboto sa ROV at ikokonekta ang botante sa mga bilingual na tauhan sa opisina o sa serbisyong pagsasalin sa telepono ng County.

Kasama ng pagmamapa at mga datos ng wika mula sa tipunan ng datos ng botante, magagawa ng ROV na ilagay ang mga bilingual na tauhan sa mga lugar kung saan sila ay pinakamainam na makapaglilingkod sa komunidad sa pinakamahusay na paraan. Maglalagay ng mga Opisyal sa Halalan na bilingual sa mga Sentro ng Pagboto sa mga partikular na komunidad ng wika kung walang sapat na bilingual na Opisyal sa Halalan para sa bawat wika upang maglingkod sa bawat Sentro ng Pagboto sa buong county.

Gagawa ng mga Opisyal na Balota, CVR at pansamantalang sobre sa mga pederal na ipinatutupad na wikang Ingles, Tsino, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, at mga ipinatutupad ng estado na wikang Hindi, Khmer, Koreano, at Hapon. Gagawa ng mga Facsimile na Balota para sa mga tinukoy na presinto sa mga ipinatutupad ng estado na wikang Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu alinsunod sa EC 14201. Maglalagay ng karatula ng Sentro ng Pagboto sa lahat ng labing-apat na wika. Ang mga facsimile na balota ay mga halimbawang balota na magagamit ng mga botante bilang sanggunian kapag bumoboto. Maghahanda ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ng mga facsimile na balota para sa mga tinukoy na Sentro ng Pagboto sa limang wika na ipinatutupad ng estado na idinagdag noong 2021: Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu. Ang mga kopya ng facsimile na balota ay makukuha ng mga botante sa mga itinalagang Sentro ng Pagboto upang magamit habang nagpapatala ng isang pribadong balota. Ang mga Facsimile na Balota ay dapat na iba ang anyo mula sa isang regular na balota upang mapigilan ang mga botante na magtangkang bumoto sa facsimile na kopya. Ang mga manggagawa ng Sentro ng Pagboto ay sasanayin sa layuning bigyan ng kaalaman ang mga manggagawa tungkol sa pagkakaroon ng mga facsimile na kopya ng mga balota at paano dapat magkaloob ng isang facsimile na balota, kapag hiniling ng isang botante. Ang mga karatula na nasa lahat ng 14 na wikang isineserbisyo ng county (Ingles, Tsino, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Khmer, Koreano, Hindi, Hapon, Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu) ay ipapaskil nang malapit sa mga E-Pollbook sa mga tinukoy na presinto sa lahat ng Sentro ng Pagboto na nagbibigay-alam sa mga botante na mayroong mga facsimile na kopya ng balota.

Ang lahat ng Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County ay mayroong isang aplikasyon para sa facsimile na balota at isang paunawa na nasa lahat ng 14 na wika na nagbibigay-alam sa mga botante na makakakuha sila ng mga facsimile na balota sa mga Sentro ng Pagboto kapag humiling nito alinsunod sa Kodigo sa mga Halalan § 14201. Ang listahan ng mga Sentro ng Pagboto kung saan makakakuha ng mga kopya ng facsimile na balota ang mga botante ay ilalathala sa website ng county nang hindi bababa sa 14 na araw bago ang halalan.

Kapag hindi makakakuha ng ispesipikong bilingual na manggagawa, ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay maaaring tumawag sa opisina ng ROV at makipag-usap sa isa sa aming tauhan na bilingual. Bilang karagdagan, matutugunan din namin ang anumang paghiling ng wika na matatanggap namin sa pamamagitan ng serbisyong pagsasalin sa telepono ng County.

Gagawa ng lahat ng materyal sa pagboto sa limang pederal na ipinatutupad na wika sa inililimbag na media, at gayundin sa elektroniko na paraan (tablet na mayroong Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIG)). Magpapaskil din ng mga karatula sa lahat ng Sentro ng Pagboto na nagbibigay-alam ng tungkol sa makukuhang tulong sa wika.

Pagsasaalang-alang ng Paglalagay ng Sentro ng Pagboto

Ginagamit ng ROV ang parehong 14 na pamantayan na ipinatutupad ng Kalihim ng Estado na nakabalangkas sa seksyong **Mga Lokasyon ng Drop-off ng Balota**. Ginagamit ang mga datos na

nakolekta mula sa ilang nakahanda na pinagkukunan (halimbawa ay ang American Community Survey, Database ng Botante ng ROV, mga hintuan ng bus ng VTA) sa pagbibigay ng bilang sa ilan sa mga pamantayang ito. Kabilang sa mga pamantayang ito ang pampublikong transportasyon, daloy ng trapiko, mga sentro ng populasyon, mga minorya sa wika, kapansanan, mababang bilang ng may-ari ng sasakyan, mababang kita, mababang paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo at mababang bilang ng pagpaparehistro ng botante.

Ang kasangkapan sa paghahanap ng lugar na tinatawag na “DOTS” ay binuo upang tulungan ang ROV na mapagpasiyahan ang pinakamaraming lugar para sa mga Sentro ng Pagboto. Hinahati ng modelo ang county sa 0.5 milya na mga grid. Ang bawat grid ay bibigyan ng marka mula sa isa hanggang lima para sa bawat pamantayan na nakalista sa itaas. Ang bawat indibidwal na marka ay pagsasamahin upang makuha ang kabuuang marka sa dulo. Kasunod nito, ilalagay ang mga potensyal na Lugar ng Sentro ng Pagboto at Drop-Box ng Balota sa ibabaw ng mapa sa pagmamarka. Bibigyan ng pagtatangi ang mga lugar na matatapat, o malapit, sa mga grid na may mataas na marka dahil nakatutugon ang mga ito sa mas marami sa mga pamantayan.

Isinasaalang-alang din sa prosesong ito ang mungkahi mula sa publiko. Binibigyan ng karagdagang halaga ng ROV ang pagiging malapit sa mga komunidad na dating may mababang bilang ng pagpaparehistro ng botante at paggamit sa pagboto sa pamamagitan ng koreo, dahil pinakahigit na masusulit ng mga komunidad na ito ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng Sentro ng Pagboto, gaya ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante o pagboto nang personal. Mas pinagtutuunan sa proseso ng pagbuo ng tool para sa lugar ang mga pamantayang pinili ng publiko at mga Tauhan ng ROV. Sinusuri nang batay sa partikular na sitwasyon ang ibang pang pamantayan, gaya ng kahandaan, presyo, laki, hubog ng silid, at magamit na paradahan. Ang publiko ay maaaring magsumite ng mga mungkahi para sa mga lokasyon ng sentro ng pagboto sa ROV sa voterschoice@rov.sccgov.org o sa pamamagitan ng pagtawag sa (408) 299-POLL (7655).

Sinikap ng ROV na matiyak ang sapat na pagsaklaw sa mga lugar na maraming tao, mga lugar na sa nakaraan ay mababa ang paglahok ng botante, at mga lugar na may mga komunidad na hindi sapat na napaglilingkuran. Bilang karagdagan, ang mga hangganan ng Sentro ng Pagboto ay itinatag upang tumulong na limitahan ang distansiya at oras na dapat maglakbay ang botante patungo sa isang Sentro ng Pagboto. Sa halip na mga nailipat na Sentro ng Pagboto, nagpaplano ang ROV na magkaroon ng mga karagdagang Sentro ng Pagboto na higit sa pinakamababang iniaatas at ilagay ang mga ito nang mas malapit sa bawat isa sa lahat ng mga lugar na ito upang mas mahusay na mapaglingkuran ang lokal na komunidad.

Bumubuo sa mga Opisyal sa Halalan

Kukuha ng mga Opisyal sa Halalan ang ROV (tinukoy ng Kodigo sa mga Halalan bilang mga Lupon ng Halalan[16]) upang maglingkod sa mga Sentro ng Pagboto. Ang mga Opisyal sa Halalan ay manggagaling sa maraming magkakaibang komunidad hangga’t maaari upang mapalawak ang mga kasanayang kailangan upang magproseso ng mga botante[17]. Sasalain ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto para sa karanasan sa serbisyo sa kliyente, kakayahan sa dalawang wika, pagiging sensitibo sa pagkakaiba-iba at pagsasama, mga kalidad sa pamumuno, mga kapasidad sa teknolohiya, at interes sa tungkuling sibiko na paglahok sa komunidad. Sasanayin sila sa bagong teknolohiya ng Sentro ng Pagboto, paano magproseso ng mga botante, at pamamahala ng pagkontrol sa maraming tao. Kabilang sa mga karagdagang paksa sa pagsasanay para sa serbisyo sa kliyente ang accessibility para sa mga nakatatanda at mga botanteng may mga kapansanan, pagsasama, at wastong

[16] Kodigo sa Mga Halalan §4005

[17] Kodigo sa mga Halalan, Dibisyon 12, Artikulo 1 ng Kabanata 4

komunikasyon. Pipili ang ROV ng mga pinakamahusay na kandidato batay sa pagiging kwalipikado at sa mga pangangailangan ng komunidad.

Ang bubuo sa mga Opisyal sa Halalan ay kumbinasyon ng Karagdagang Tulong na mga empleyado ng County at mga boluntaryong may sahod. Kinukuha ang mga lead at klerk bilang mga manggagawa sa county na binabayaran kada oras at ang mga greeter ay kadalasang mga manggagawang may sahod. Ang lahat ng tauhan ng Sentro ng Pagboto ay sasanayin batay sa tungkulin at magtatrabaho sa kahit saan sa pagitan ng isang araw (mga manggagawang may sahod) hanggang sa maraming araw, at kung hindi, sa lahat ng araw ng halalan.

Ang paglalagay ng mga tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto ay ibabatay sa laki ng Sentro ng Pagboto at sa kalapitan sa Araw ng Halalan. Ang plano ay magkaroon ng anim (6) hanggang labinlimang (15) Opisyal sa mga Halalan sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga karagdagang tauhan ay itatalaga sa mas malaking mga Sentro ng Pagboto at sa panahon ng mas abalang mga oras at araw habang nalalapit ang Araw ng Halalan. Sinisikap na mag-recruit ng maraming bilingual na Opisyal sa Halalan hangga't maaari upang masuportahan ang mga pangangailangan sa wika ng County.

Mga Elektronikong Libro ng Pagboto (Mga E-Pollbook)

Upang mabisang maipatupad ang mga pagbabago sa ilalim ng VCA, maglalagay ng mga E-Pollbook sa mga Sentro ng Pagboto[18]. Ang isang E-Pollbook ay kombinasyon ng elektronikong hardware at programa sa computer na ginagamit upang tiyakin ang protektadong elektronikong komunikasyon sa pagitan ng mga Sentro ng Pagboto at ng Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Halalan (EIMS) ng ROV. Kasunod nito ay ihahatid ng ROV EIMS ang impormasyon sa Opisina ng Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng VoteCal. Ang VoteCal ay ang sentralisadong pambuong-estadong tipunan ng datos sa pagpaparehistro ng botante na nakikipag-ugnayan at nakikipagpalitan ng impormasyon sa mga sistema ng pamamahala ng halalan ng county at sa ibang mga sistema ng estado tulad ng Department of Corrections and Rehabilitation, Department of Public Health, at ng Department of Motor Vehicles. Pinatatakbo ang bagong teknolohiyang ito ng VCA sa alinman sa laptop o tablet, pero *"HARDENED"*; ibig sabihin, tanging ang inaprubahan ng ROV na E-Pollbook software lang ang mapapatakbo sa device.

Ang mga E-Pollbook ay magtataglay ng isang elektronikong listahan ng mga nakarehistrong botante (Indise ng Listahan) na maaaring ihatid at gamitin sa mga Sentro ng Pagboto. Ang Indise ng Listahan ay ang opisyal na listahan ng lahat ng nakarehistrong botante na karapat-dapat bumoto sa halalan. Ito ang pangunahing ginagamit upang i-verify ang pagiging kwalipikado ng isang botante na tumanggap ng balota at makuha ang kasaysayan ng botante nang halos real-time upang maiwasan ang dobleng pagboto.

Pananatilihin ang mga E-Pollbook sa isang protektadong nakakandadong waterproof na sisidlan at ilalagay ang mga ito sa loob ng pangalawang protektadong nakakandadong hawla na may mahigpit na kandado at access sa susi na nakatalaga sa mga tauhan para sa pag-iimbak sa bawat araw. Sa mga oras ng operasyon, ang mga datos na nakaimbak sa mga yunit na ito ay patuloy na isinasapanahon. Ang mga E-Pollbook ay nakaprograma na may access ng user kung saan ang mga awtorisadong user lang ang pinapayagang mag-log in gamit ang protektadong koneksyon sa isang protektadong cloud server. Ang cloud server na ito ay nagpapanatili ng tipunan ng datos at koneksiyon sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Halalan ng ROV para sa paghahatid ng anumang mga pagsasapanahon sa mga datos ng botante. Makikita ang karagdagang impormasyon tungkol sa

[18] Kodigo sa Mga Halalan §2183

seguridad ng mga datos ng botante sa mga E-Pollbook sa seksyong **Seguridad ng Pagboto** sa **Bahagi 2: Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante**.

Ang mga E-Pollbook ay maaaring gamitin upang patibayan ang mga datos ng pagpaparehistro ng botante, kabilang ang pangalan, tirahan, petsa ng kapanganakan, gustong wika, kinakatigang partido, presinto, at status sa pagboto sa pamamagitan ng koreo. Dagdag pa rito, hindi kailanman iniimbak ng mga E-Pollbook ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa botante: numero ng lisensya sa pagmamaneho, o anumang pagtukoy sa numero ng seguridad sosyal. Ang mga ito ay nagkakaloob ng malapit sa tunay na oras na paghahanap at impormasyon tungkol sa katayuan ng botante; mahalaga sa paglikha ng isang mas mahusay na karanasan ng pagboto para sa mga botante ang mga Opisyal sa Halalan ng ROV.

Pakikipag-ugnayan

Mga Pagsangguni sa Publiko

Alinsunod sa Kodigo sa Mga Halalan ng California, patuloy na manghihingi ng mungkahi ang ROV mula sa publiko para sa bawat pagsasapanahon sa EAP sa pagsisikap na magkaroon ng ingklusibong paglahok sa proseso ng Plano sa Pangangasiwa ng Halalan. Alinsunod sa Kodigo sa Mga Halalan, kada apat na taon, magsasagawa ng mga pampublikong pulong ang ROV upang isaalang-alang ang pagrerebisa sa EAP.

Sa mga pulong ng EAP, ang mga pagtutuunang paksa ay:

- Posibleng mga lugar ng Sentro ng Pagboto
- Posibleng mga Lugar ng Drop-off ng Balota
- Iba’t ibang pangangailangan sa kakayahang makagamit ng wika
- Iba’t ibang pangangailangan sa kakayahan ng botante na makagamit
- Mga mungkahi para sa pakikipag-ugnayan sa komunidad sa pamamagitan ng media at mga kaganapan

Mga Paunawa sa Publiko

Sa pamamagitan ng dalawang direktang pagpapakoreo, ang publiko ay bibigyan ng paunawa na ang lahat ng botante ay tatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ang mga paunawa ay magbibigay-alam sa mga botante na ang halalan ay lahat isasagawa sa pamamagitan ng ipinakokoreong balota, at mabobotohan ng mga botante ang kanilang balota sa isa sa tatlong paraan: sa pamamagitan ng koreo (bayad na ang selyo), sa alinmang Lokasyon ng Drop-off ng Balota, o sa alinmang Sentro ng Pagboto sa county. Ang mga paunawa ay magsasama rin ng link tungkol sa kung saan malalaman ng mga botante ang mga petsa, lugar, at oras na ang mga Sentro ng Pagboto at mga Lokasyon ng Drop-off ng Balota ay mananatiling bukas, gayon din ang huling araw para sa paghiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa isang madaling magamit na format o sa isa sa walong wikang iniaalok, na bukod sa Ingles. Kabilang sa karagdagang impormasyong ibinibigay sa mga direktang pagpapadala sa koreo ang: mahalagang impormasyon sa Sentro ng Pagboto at mga detalye ng Patnubay na Impormasyon para sa Botante ng County at Estado. Ang mga paunawa ay magkakaloob din sa mga botante ng isang link sa website ng ROV, mga numero ng telepono, at ng walang-bayad na hotline upang humiling ng tulong sa (866) 430-VOTE.

Ang unang direktang pagpapadala sa koreo ay ipadadala nang humigit-kumulang 90 araw bago ang halalan na susundan ng kasunod na set na ipapadala sa koreo nang humigit-kumulang 29 na araw

bago ang halalan. Ang mga paunawa sa publiko at impormasyong may kaugnayan sa VCA ay ilalagay sa website ng ROV sa isang madaling magamit na format.

Mga Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika at Kakayahan sa Pagboto

Bumuo ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara ng dalawang tagapayong komite sa pamamagitan ng kinoordinang proseso ng panloob na pagbuo ng proseso, mungkahi ng stakeholder at publiko, at sa pamamagitan ng feedback mula sa mga county na nagpatupad ng Voter's Choice Act (VCA). Ang unang komite ay ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) na manghihingi ng mungkahi mula sa mga komunidad na minorya sa wika tungkol sa mga paraan kung paano mas mahusay na mapaglilingkuran ng modelong Sentro ng Pagboto ang mga botante na pangunahing nagsasalita ng wikang bukod sa Ingles. Ang ikalawang komite ay ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) na manghihingi ng mungkahi mula sa mga botanteng may mga inaalala sa accessibility, gaya ng mga nakatatanda o mga botanteng may mga kapansanan, upang tiyaking matutugunan ang kanilang mga pangangailangan at inaalala sa pagboto. Makikipag-ugnayan ang mga miyembro para sa mga komiteng ito sa pamamagitan ng pakikipagpalitan ng mga ideya at pakikipagtulungan sa iba't ibang kontak na mula sa mga di-nagtutubo at nakabase sa komunidad na organisasyon hanggang sa mga munisipalidad sa loob ng County ng Santa Clara. May listahan ng lahat ng pulong ng LAAC at VAAC, kasama ng mga agenda at minute ng mga ito, na nakapaskil at pinapanatili sa website ng ROV sa www.sccvote.org/voterschoice.

Bahagi 2 – Plano para sa Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante

Ang Voter's Choice Act (VCA) ay nag-uutos sa alinmang county na nagpapatupad ng VCA na magpatupad din ng isang plano para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante na nagbibigay-alam sa mga botante ng tungkol sa mga probisyon ng VCA. Mas espesipiko, ang batas ay nag-uutos din na makipag-ugnayan sa mga botante na hindi Ingles ang pangunahing sinasalita, at mga botanteng may mga kapansanan, upang ipagbigay-alam sa mga komunidad ang mga makukuhang serbisyo.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng County ng Santa Clara ay may kasalukuyang pangkat at programa sa pakikipag-ugnayan, at madalas na dumadalo ang mga ito sa maraming kaganapan sa buong taon upang mapanatili ang presensya sa komunidad, at makapagbigay ng mga serbisyo sa pagpaparehistro ng botante at pangkalahatang edukasyon sa botante. Nakabalangkas sa seksyong Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante ng EAP na ito kung paano gagamitin ng ROV ang kanilang mga kasalukuyang paraan ng pakikipag-ugnayan at isasama ang mga ito sa mga bagong paraan upang makipag-ugnayan sa mga komunidad para mabigyan ng kaalaman ang publiko tungkol sa VCA. Ididisenyo ang mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan na may layuning paigtingin ang mga pakikipagtulungan sa komunidad, palawakin ang mga pagkakataon sa pakikipag-ugnayang sibiko, at pahusayin ang karanasan ng botante sa modelong Sentro ng Pagboto.

Seksyon 1: Kontak sa Botante – Pangkalahatan

Bilang karagdagan sa mga event na dinaluhan at ginawan ng pananaliksik ng ROV noong nakaraan, ang higit pang edukasyon at pakikipag-ugnayan sa botante ay nakaplano upang masakop ang pinakamaraming demograpiko ng county hanggang posible. May mga plano upang maabot ang mga komunidad na sa kasaysayan ay mga populasyong kulang sa paglilingkod.

Ang ilan sa mga komunidad na plano ng ROV na maabot ay ang mga komunidad ng nakatatanda, mga komunidad sa etniko/wika, mga komunidad ng kabataan, mga komunidad ng estudyante, mga komunidad na kulang sa representasyon at mga grupo ng kapitbahayan. Ang ROV ay nagpaplano rin ng pakikipag-ugnayan sa higit sa 100 nakabase-sa-komunidad na mga organisasyon (mga CBO) upang malaman ang gawaing ipinagkakaloob nila sa kanilang mga komunidad at paano makakalahok ang pangkat sa pakikipag-ugnayan ng ROV. Ang hangarin ay upang magtrabahong kasama ng mga CBO at lahat ng komunidad upang matiyak ang isang matagumpay na programang edukasyon ng botante.

Paggamit ng Media

Magbibigay ang ROV ng impormasyon tungkol sa modelong Sentro ng Pagboto, sa proseso ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, mga opsyon sa maagang pagboto at mga oportunidad na magtrabaho sa isang Sentro ng Pagboto sa isang partikular na kampanya sa media. Kabilang sa mga oportunidad para sa mga outlet ng media ang sumusunod, pero hindi limitado sa:

1. Mga lokal na istasyon ng telebisyon at kable ng komunidad
    a. Comcast
    b. Univision
    c. Telemundo
    d. Namaste TV
    e. Crossing TV
2. Mga pahayagan (panrehiyon at pangkomunidad)
    a. The Mercury News
    b. Metro
    c. Morgan Hill Times

    d. Gilroy Dispatch
    e. El Observador
    f. Epoch Times
    g. India West
    h. Korea Times
    i. Nichi Bei Weekly
    j. Philippine News
    k. San Jose State Spartan Daily
    l. Santa Clara University Newspaper
    m. Stanford Daily
    n. Viet Nam Daily
    o. World Journal
    p. N & R
    q. China Press
    r. JWeekly
    s. Spotlight
    t. Bayspo Magazine
    u. Daily Post
    v. India Current
3. Radyo
    a. KBAY/KEZR
    b. KFOX
    c. KRTY/KLIV
    d. Sound of Hope
    e. Sing Tao
    f. Univision
    g. Vien Thao
    h. Celina Rodriguez
    i. China Press
    j. Radio Zindagi
4. Paggamit ng social media at mga website para sa ROV at County
    a. Facebook page ng ROV: https://www.facebook.com/sccvote
    b. Facebook page ng County: https://www.facebook.com/county.of.santa.clara
    c. Twitter ng ROV: https://twitter.com/sccvote
    d. Twitter ng County: https://twitter.com/SCCgov
    e. Instagram ng ROV: www.instagram.com/sccvote
    f. Nextdoor app: (hanapin ang Communication and Media Santa Clara County)
    g. Listahan ng subscription sa newsletter ng County
5. YouTube ng ROV: https://www.youtube.com/sccvote
6. Mensahe sa mga pampublikong paghahatid sa mga bus ng Valley Transportation Authority
7. Pagbabahagi ng mga materyal sa mga naturang grupong gaya ng mga kasama sa komunidad, organisasyong tagapagtaguyod sa may kapansanan, inihalal na opisyal, espesyal na distrito, distrito ng paaralan, organisasyong nakabase sa komunidad, at organisasyong nakabase sa pananampalataya sa buong county
8. Ang mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko (mga PSA) ay gagamitin upang suplementuhan at palakasin ang kampanyang pag-aanunsiyo sa mga nakahandang outlet. Sasaklawin ng mga PSA na ito ang mga paksang kinabibilangan ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa VCA, impormasyong partikular sa wika tungkol sa VCA at toll-free na hotline ng tulong sa wika at mga opsyon sa accessibility sa mga Sentro ng Pagboto at sa pamamagitan ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Gagamit din ang ROV ng audio at visual media na malawakang ipamamahagi sa mga madaling magamit na format upang maipagbigay-alam sa mga botante ang tungkol sa bawat paparating na halalan. Ang hangarin ay maabot ang lahat ng botante ng county, kabilang ang mga botanteng may mga kapansanan tulad ng mga bingi o nahihirapang makarinig, at mga botanteng bulag o malabo ang paningin.

Plano para sa Presensiya sa Komunidad at mga Materyal sa Edukasyon ng Botante

Karaniwang lumalahok ang ROV sa daan-daang kaganapan sa komunidad sa buong taon at aktibo rin itong nakikipagtulungan sa mga CBO tungkol sa kung paano pinakamahusay na maipapaalam sa kanilang mga komunidad ang tungkol sa anumang paparating na pagbabago at mapapataas ang bilang ng paglahok ng botante. Ang mga materyal sa pagtuturo at mga tauhan ay inihahanda upang mapadali ang edukasyon ng botante. Makikita sa Apendise B ang mga karagdagang detalye tungkol sa plano sa pakikipag-ugnayan sa komunidad.

Mga Direktang Pagpapakoreo

Makikipag-ugnayan ang ROV sa bawat nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara sa pamamagitan ng dalawang (2) magkahiwalay na pagpapadala sa koreo upang ipagbigay-alam sa mga botante ang tungkol sa paparating na halalan, at upang i-promote ang toll-free na hotline ng tulong sa botante na (866) 430-VOTE. Ang mga pagpapakoreo ay magbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa bagong modelo ng halalan, sa paparating na halalan, kung saan sila makakahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong ito, at isang link kung saan makukuha ng mga botante ang mga petsa, lugar, at mga oras na ang mga Lugar ng Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota ay mananatiling bukas. Ang bawat ipapadala sa koreo ay isasalin sa hanggang 13 wika, depende sa kagustuhan sa wika ng mga botante, na ipapamahagi sa mga nakarehistrong botante na hindi Ingles ang gustong wika.

Mga Mapagkukunan para sa Edukasyon ng Botante sa Website ng ROV

May nakahanda sa website ng ROV na elektronikong format ng lahat ng materyal sa edukasyon ng botante para sa pakikipag-ugnayan ng ROV kabilang ang impormasyon tungkol sa Voter's Choice Act. Magkakaroon sa website ng ROV ng sumusunod na impormasyon:

- Pangkalahatang Impormasyon Tungkol sa VCA
- Mga Lokasyon at Oras ng Sentro ng Pagboto at Drop-Box ng Balota
- Toll-free na hotline ng tulong sa botante ng ROV
- Dokumento ng EAP
- Mga materyal para sa promosyon ng VCA
- Mga video na pang-edukasyon at presentasyon tungkol sa VCA
- Mga Iskedyul ng Pakikipag-ugnayan at Workshop
- Kahandaan ng personal na tulong sa wika sa bawat Sentro ng Pagboto

Seksyon 2: Kontak sa Botante – Mga Komunidad ng Minorya sa Wika

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay bumuo ng isang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) upang humingi ng mungkahi mula sa mga komunidad na minorya sa wika tungkol sa mga paraan kung paano mas mahusay na mapaglilingkuran ng modelong Sentro ng Pagboto ang mga botante na pangunahing nagsasalita ng wikang bukod sa Ingles. Nagbibigay ang komiteng ito ng feedback sa iba't ibang aspeto gaya ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, gayundin sa anumang katangian at serbisyo na ipagkakaloob, o dapat na ipagkaloob. Regular na magpupulong ang komiteng ito upang pakinggan ang komunidad.

Pagtukoy sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika

Ang mga komunidad ng minorya sa wika ay maaaring matukoy batay sa mga paghiling ng gustong wika mula sa mga nakarehistrong botante sa County ng Santa Clara. Gamit ang impormasyong ito, kasama ng impormasyon ng sensus at iba pang pampublikong magagamit na impormasyon tungkol sa demograpiko, gagawa ang ROV ng mapa ng mga lugar na may malawakang sinasalitang wika. Itutuon ang pakikipag-ugnayan sa pag-target sa mga lugar na ito bilang bahagi ng nakaplanong edukasyon at pakikipag-ugnayan sa estudyante. Ang ROV ay humihingi rin ng mungkahi mula sa iba't ibang komunidad ng minorya sa wika upang tukuyin ang ibang mga paraan ng pakikipag-ugnayan at mga kagamapan sa komunidad na maaaring kapaki-pakinabang na daluhan.

Mga Komunidad ng Minorya sa Wika na Paglilingkuran

Nagbibigay ng mga serbisyo ang ROV sa labing-apat (14) na wika kabilang ang Ingles. Ang limang wika ay pederal na ipinag-uutos: Ingles, Tsino, Espanyol, Tagalog, at Biyetnamis. Siyam na wika ang ipinatutupad ng estado: Gujarati, Hindi, Hapon, Khmer, Koreano, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu. Magbibigay ng mga Opisyal na Balota at Mga Sobre ng Kundisyonal na Pagpaparehistro at Pansamantalang Balota ng Botante sa siyam na wika. Nagbibigay rin ng karatula ng sentro ng pagboto at drop box ng balota sa siyam na wika at karagdagang limang wika na Gujarati, Nepali, Punjabi, Tamil, at Telugu, para sa kabuuang a14 na wika. Ang mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (mga CVIG) ay makukuha lamang sa pederal na ipinag-uutos na mga wika na dati nang ginagawa. Bilang karagdagan, ang mga tauhang bilingual sa Sentro ng Pagboto ay maaaring nakahandang sumuporta sa ibang mga wika at diyalekto na sinasalita sa loob ng county, tulad ng Cantonese, Farsi, Gujarati, Nepali, Portuges, Punjabi, Ruso, Syriac, Tamil, Telugu, at Thai. Batay sa pagmapa at target sa mga espesipikong komunidad ng wika, ang ROV ay maglalayong maglagay ng angkop na suporta sa wika sa anyo ng mga Opisyal sa Halalan na may dalawang wika sa iba't ibang komunidad. Pagkatapos gawing pinal ang paglalagay ng mga tauhan sa Sentro ng Pagboto, ang ROV ay maglalagay ng impormasyon sa website ng ROV tungkol sa kahandaan ng in-person na tulong sa wika sa bawat Sentro ng Pagboto.

Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa mga Komunidad ng Minorya sa Wika

Magbibigay ang ROV ng mga workshop na edukasyon sa bilingual na botante sa labing-apat (14) na wikang unang nabanggit. Ang mga workshop ay magkakaloob ng oportunidad para sa mga komunidad ng wika sa County ng Santa Clara upang tumanggap ng impormasyon tungkol sa proseso ng Modelong Sentro ng Pagboto, bilang karagdagan sa mga materyal at tulong na makukuha sa bawat tinukoy na wika. Ang ROV ay gagamit ng mungkahi mula sa mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) upang pumili ng mga lugar at petsa ng workshop at lahat ng workshop ay magkakaroon ng espesipiko sa wika na mga tagasalin upang suportahan ang mga dadalo.

Paggamit ng Media na Target ang mga Komunidad ng Minorya sa Wika

Ang iba't ibang minorya sa wika ay bibigyan ng impormasyon tungkol sa modelong Sentro ng Pagboto at Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, at bibigyan din sila ng toll-free na hotline ng Opisina ng Tagapagrehistro ng Mga Botante (866) 430-VOTE, at (408) 299-VOTE para sa pangkalahatang impormasyon para sa botante. Ang napakaraming media outlet na espesipiko sa wika ay gagamitin, na kinakatawan ang lahat ng pederal na ipinag-uutos na wika. Sa mga media outlet ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga sumusunod:

1. Mga lokal na istasyon ng telebisyon at kable ng komunidad
    a. Univision (Espanyol)
    b. Epoch Times (Tsino)
    c. Telemundo (Espanyol)
    d. Namaste (Hindi)
    e. Crossing TV (Ingles + lahat ng 8 karagdagan)
2. Mga pahayagan (panrehiyon at pangkomunidad)
    a. El Observador (Espanyol)
    b. Epoch Times (Tsino)
    c. India West (Ingles)
    d. Korea Times (Koreano)
    e. Nichi Bei Weekly (Hapon)
    f. Philippine News (Tagalog)
    g. Viet Nam Daily (Biyetnamis)
    h. World Journal (Tsino)
    i. N & R (Ingles)
    j. China Press (Tsino)
    k. JWeekly (Hapon)
    l. Spotlight (Ingles)
    m. Bayspo Magazine (Hapon)
    n. Daily Post (Ingles)
    o. India Currents (Hindi)
3. Radyo
    a. Univision (Espanyol)
    b. Celina Rodriquez (Espanyol)
    c. Sound of Hope (Tsino)
    d. Sing Tao (Tsino)
    e. Vien Thao (Biyetnamis)
    f. China Press (Tsino)
    g. Radio Zindagi (Hindi)
    h. Korean American Radio
4. Social Media at website ng Kagawaran
    a. Facebook page ng ROV: https://www.facebook.com/sccvote
    b. Facebook page ng County: https://www.facebook.com/county.of.santa.clara
    c. Twitter ng ROV: https://twitter.com/sccvote
    d. Twitter ng County: https://twitter.com/SCCgov
    e. Instagram ng ROV: www.instagram.com/sccvote
    f. Nextdoor app: (hanapin ang Communication at Media Santa Clara County)
    g. Listahan ng subscription sa newsfeed ng County
    h. YouTube ng ROV: https://www.youtube.com/sccvote
    i. Website ng ROV: https://www.sccvote.org
5. Mga newsletter ng komunidad ng minorya sa wika
6. Ang mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko (mga PSA) ay gagamitin upang bigyan ng kaalaman ang mga komunidad ng minorya sa wika tungkol sa paparating na halalan at walang-bayad na hotline para sa tulong. Ang mga PSA ay isasalin sa lahat ng wikang ipinag-uutos ng pederal na pamahalaan at ng estado at ipamamahagi sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, pahayagan at online na mga tagapamahagi sa minoryang wika.

Mga Opisyal sa Halalan

Upang pagpasiyahan ang bubuo sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto, ang ROV ay kukuha ng mga Opisyal sa Halalan (tinutukoy ng Kodigo sa mga Halalan bilang mga Lupon ng Halalan)[19].
Ang paglalagay ng mga tauhan para sa mga Sentro ng Pagboto ay ibabatay sa lapit sa Araw ng Halalan

[19] Kodigo sa mga Halalan, Dibisyon 12, Artikulo 1 ng Kabanata 4

at sukat ng Sentro ng Pagboto. Ang plano ay magkaroon ng anim (6) hanggang labinlimang (15) Opisyal sa mga Halalan sa bawat Sentro ng Pagboto. Ang mga karagdagang tauhan ay itatalaga sa mas malaking mga Sentro ng Pagboto at sa panahon ng mas abalang mga oras at araw habang nalalapit ang Araw ng Halalan. Mula sa 10 araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa 4 na araw bago ang Araw ng Halalan, ang mga Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng pinakamababang 6 na tauhan. Mula sa 3 araw bago ang Araw ng Halalan hanggang sa 1 araw bago ang Araw ng Halalan, magkakaroon sa mga Sentro ng Pagboto ng 8 hanggang 15 miyembro ng mga tauhan, kung kinakailangan.

Mayroon ding planong magkaroon ng hindi bababa sa isang Opisyal sa Halalan kada wika, o sa pinakamababa, isang Opisyal sa Halalan batay sa mga pinakakaraniwang wika na sinasalita sa lugar na iyon ng Sentro ng Pagboto. Ang ROV ay kukuha ng mga tauhan ng Sentro ng Pagboto mula sa iba't ibang komunidad, hanggang magagawa, upang isagad ang mga kasanayang kailangan upang iproseso ang mga botante, habang sinesertipikahan din upang umakto bilang isang tagasalin para sa mga botante. Ang pagkalap ay magsisimula sa pagkontak sa mga dating bilingual na Opisyal sa Halalan, gayon din sa pangkaraniwang proseso ng aplikasyon para sa bukas na pagkalap.

Seksyon 3: Kontak sa Botante – Mga Botanteng may mga Kapansanan

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ay bumuo ng isang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) upang humingi ng mungkahi mula sa mga botante na may mga inaalala sa accessibility, gaya ng mga nakatatanda o mga botanteng may mga kapansanan, tungkol sa mga paraan na pinakamahusay silang mapaglilingkuran ng bagong modelo ng halalan. Ang komiteng ito ay magkakaloob ng komento sa iba't ibang aspeto tulad ng mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, gayon din ng anumang mga katangian at serbisyo na ipagkakaloob, o dapat, na ipagkaloob. Magpapatuloy sa pag-iral ang komiteng ito bilang kasalukuyang paraan upang mapakinggan ang, at makipagtulungan sa, komunidad. Regular na magpupulong at magiging bukas sa pangkalahatang publiko para sa saloobin ang komiteng ito. Higit pang impormasyon tungkol sa VAAC, kabilang ang mga oras at lokasyon ng pagpupulong ang matatagpuan sa website ng ROV, www.sccvote.org.

Mga Paraang Ginagamit upang Matukoy ang mga Pangangailangan ng mga Botanteng may mga Kapansanan

Ang ROV ay patuloy na nagpapahusay ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga botanteng may mga kapansanan. Upang magawa ito, nagsusuri ang ROV ng mga rekomendasyon na nauukol sa mga botanteng may mga kapansanan mula sa apat (4) na pangunahing pinagkukunan: (1) mga mamamayang may mga kapansanan, (2) mga CBO na nagkakaloob ng mga pantulong na serbisyo sa mga botanteng may mga kapansanan, (3) ibang mga County na nagpapatupad ng VCA, at (4) ang opisina ng Kalihim ng Estado. Habang ang VCA ay nagbubukas ng bagong kabanata sa paraan ng pagsasagawa ng pagboto, ang ROV ay nagsisimula rin ng isang bagong yugto sa pagbuo ng mga relasyon sa mga botanteng may mga kapansanan (at ang mga CBO na sumusuporta sa kanila).

Ang Disability Rights California at Silicon Valley Independent Living Center ay dalawang organisasyon na tuwirang nakikipag-ugnayan sa ROV tungkol sa mga pangangailangan ng mga botanteng may mga kapansanan. Mula sa unang pakikipag-ugnayan, ang ROV ay nagpatuloy na humimok ng mga relasyon sa mga sumusunod na organisasyon:

- Vista Center for the Blind and the Visually Impaired
- State Council on Developmental Disabilities – Opisina ng Central Coast
- Handicapables
- Santa Clara Valley Blind Center
- San Andreas Regional Center

Ang bagong yugtong ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mungkahi nang tuwiran mula sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang ROV ay nakalaan/bukas sa pagsusuri/pagsubok sa lahat ng rekomendasyon na tuwirang nagmumula sa mga botante.

Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng may Kapansanan

Bilang karagdagan sa pangkalahatang kampanya ng media, pagtutuunan ng ROV ang pagbibigay ng impormasyon sa mga botanteng may mga pangangailangan sa accessibility. Ito ay kasama ng impormasyon tungkol sa kahandaan ng mga magagamit na kagamitan sa pagboto sa bawat Sentro ng Pagboto, gayon din ng opsyon upang gamitin ang sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM).

Sa ibang mga pagkakataon para sa pamamahagi ng impormasyon ay kabilang ang:

1. Mga organisasyong nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa mga nakatatanda o mga taong may mga kapansanan, gaya ng Silicon Valley Independent Living Center, Silicon Valley Council of the Blind, Santa Clara Valley Blind Center Incorporated, at Greater Opportunities, at iba pa;
2. Mga partner sa komunidad, mga lunsod, mga espesyal na distrito, mga distrito ng paaralan, mga organisasyong nakabase sa pananampalataya, at mga Opisyal ng Pampublikong Impormasyon sa buong county;
3. Mga opsyon sa madaling paggamit na binibigyang-diin sa isang “Open House” na pagpapakita sa publiko at anumang pagkakataon sa media upang makaranas ng isang kunwaring Sentro ng Pagboto;
4. Mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko sa radyo at telebisyon na nagbibigay-diin sa opsyon sa madaling paggamit sa mga Sentro ng Pagboto;
5. Ang mga Pahayag ng Serbisyo sa Publiko ay gagamitin upang bigyang-diin ang mga opsyon sa madaling paggamit ng mga Sentro ng Pagboto, gayon din ng kahandaan ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo.

Mga Serbisyo para sa mga Botanteng may mga Kapansanan

Sumusunod ang lahat ng Sentro ng Pagboto sa Americans with Disabilities Act (ADA). Kapag kailangan, ang ibang nakahandang mga pintuan at mga paraan ng pagpasok ay ihahanda upang matiyak ang wastong akses para sa lahat ng botante. Bilang karagdagan, maglalagay sa mga sentro ng pagboto ng Mga Kagamitan sa Pagmamarka ng Balota (BMD), na may mga katangiang sumusunod sa ADA upang mabigyang-daan ang mga botanteng may mga kapansanan sa independiyente at pribadong paglalagay ng boto sa balota. Para sa mga botanteng mas gustong bumoto sa kanilang bahay, magkakaroon din sila ng opsyon na gumamit ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Sa RAVBM, ang mga botante ay papadalhan ng isang email na may link upang i-download ang kanilang Opisyal na Balota, kasama ang mga tagubilin kung paano ilimbag, kumpletuhin, at ibalik ang kanilang balota sa ROV. Ang mga botanteng may mga kapansanan ay makakahingi rin ng tulong sa pamamagitan ng walang-bayad na hotline ng ROV sa (866) 430-VOTE (8683), bilang karagdagan sa (408) 299-VOTE (8683) para sa pangkalahatang impormasyon para sa botante. Ang alinmang linya ay nagkakaloob ng tulong sa wika.

Workshop para sa Edukasyon ng Botante para sa Komunidad ng May Kapansanan

Nagsasagawa ang ROV ng mga workshop para sa edukasyon ng botante upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga nakahandang opsyon sa accessibility at sa proseso ng Sentro ng Pagboto sa nakatatanda at mga botanteng may mga kapansanan. Ang mga workshop ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, edukasyon tungkol sa modelong sentro ng pagboto, mga pagpapakita ng bagong kagamitan sa pagboto, accessibility ng kagamitan sa pagboto, impormasyon tungkol sa drop box ng balota, at mga opsyon para sa pagkuha ng madaling magamit na balota sa

pagboto sa pamamagitan ng koreo sa elektronikong paraan. Ginagamit ng ROV ang mungkahi mula sa mga miyembro ng Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) sa pagpili ng mga paksa, lugar at petsa ng workshop.

Mga Materyal na Ginagamit sa Pagbibigay ng Kaalaman sa Mga Botanteng may Mga Kapansanan

Gumagawa ang ROV ng mga audio, biswal, at nakasulat na materyal na gagamitin upang mamahagi ng impormasyon; at ginagamit ang impormasyong nakalap mula sa mga pulong ng VAAC sa buong proseso ng pagbuo ng mga materyal na ito. Ginagawa ring available ang mga materyal na ito bilang mga mapagkukunan sa website ng ROV. Para sa anumang mga video na ginamit para sa promosyon o edukasyon tungkol sa VCA, ang closed captioning ay inihahanda. Sa mga halimbawa ay kabilang ang video para sa promosyon ng VCA na inilalagay sa website ng ROV at sa mga Pampublikong Pagdinig ng EAP na naka-stream online (at inaa-upload). Dagdag dito, tina-transcribe ng ROV sa braille ang pang-impormasyong flyer ng VCA.

Mga Opisyal sa Halalan

Gumawa ang ROV ng mga materyal sa pagsasanay na partikular na para sa Mga Opisyal ng Halalan. Pinagtutuunan sa ilang partikular na mga materyal ang aspeto ng pagiging sensitibo sa kultura ng mga nakikipag-ugnayang botanteng may mga kapansanan. Ang ibang mga materyal sa pagsasanay ay tutulong sa mga Opisyal ng Halalan sa aspetong teknikal ng pagpapatakbo at pagkonekta ng iba't ibang device sa pakikinig at/o pantulong sa paningin na maaaring dalhin ng mga botanteng may mga kapansanan at kailangang gamitin sa mga Sentro ng Pagboto. Ang isang video ng pagkakaiba-iba ay ipinagkakaloob sa pagsasanay para sa mga Opisyal ng Halalan upang maunawaan kung paano magalang na magkaloob ng mga serbisyo sa lahat ng indibidwal na may mga kapansanan o walang kapansanan. Sa ibang pagsasanay ay kabilang ang wastong pagtatatag ng isang Sentro ng Pagboto para sa mga botanteng may mga kapansanan. Lahat ng Opisyal ng Halalan ay nanunumpang maging matugunin at magalang sa pagiging natatangi ng bawat botante bilang isang pagtatalaga ng mga sarili sa pagkakaiba-iba ng lahat ng botante. Ang mga Opisyal ng Halalan ay nangangakong ipadama sa lahat ng botante na sila ay malugod na tinatanggap, iginagalang, at pinahahalagahan.

Seksyon 4: Impormasyon Tungkol sa Lokasyon ng Sentro ng Pagboto at Drop-off ng Balota

Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagboto

Ang Kodigo sa mga Halalan ng California ay nag-aatas sa mga county na panatilihing bukas ang mga Sentro ng Pagboto para sa dalawang panahon ng maagang pagboto. Kinakailangan sa unang panahon ng maagang pagboto na magbukas ang mga Sentro ng Pagboto sampung (10) araw bago ang Araw ng Halalan, hanggang sa at kabilang ang pang-apat na araw bago ang Araw ng Halalan, para sa kabuuang pitong (7) araw. Ang pagkalkulang ito ay batay sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 50,000 nakarehistrong botante ng county. Ang ikalawang panahon ng maagang pagboto ay nag-aatas na panatilihing bukas ang mga Sentro ng Pagboto tatlong (3) araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan, para sa isang kabuuan na apat (4) na araw. Ang pagkalkulang ito ay batay sa pagkakaroon ng isang Sentro ng Pagboto para sa bawat 10,000 nakarehistrong botante ng county.

Ang ilan sa mga oras ng Sentro ng Pagboto ay maaaring hindi tuloy-tuloy upang paglingkuran ang mga taong may mga hindi regular na iskedyul o maaaring dahil sa kahandaan ng mga indibidwal na lugar. Simula sa paglalathala ng dokumentong ito, kasalukuyang may 1,011,395 nakarehistrong botante sa

county. Batay sa kasalukuyang pagpaparehistro, nasa sumusunod na talahanayan ang tinatayang bilang ng mga kinakailangang Sentro ng Pagboto.

Kategorya ng Hangganan	Pinakamababang Iniaatas[20]
11-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 50 libong nakarehistrong botante)	20
4-na-Araw na mga Sentro ng Pagboto (1 para sa bawat 10 libong nakarehistrong botante)	81
Kabuuan	**101**

Mga Lugar ng Drop-off ng Balota

Itinatakda sa Kodigo sa mga Halalan ng California ang mga parametro sa kung paano dapat maglaan ang isang county ng mga lugar ng Drop-off ng Balota para sa mga botante. Dapat maglaan ng kahit isang lugar ng drop-off ng balota para sa bawat 15,000 nakarehistrong botante sa mga regular na oras ng trabaho simula sa hindi bababa sa 28 araw bago ang Araw ng Halalan, at kabilang ang Araw ng Halalan. Pinaplano ng Tagapagrehistro ng Mga Botante (ROV) na magkaroon ng kahit isang lugar ng drop-off sa bawat distrito sa County nang alinsunod sa daming ipinatutupad ng Kodigo sa Mga Halalan. Batay sa kasalukuyang pagpaparehistro mula sa paglalathala ng dokumentong ito, nakatala sa sumusunod na talahanayan ang tinatayang bilang ng mga kinakailangang Sentro ng Pagboto:

Kategorya ng Hangganan	Pinakamababang Iniaatas
Mga Lugar ng Drop-off ng Balota (1 para sa bawat 15k nakarehistrong botante)	67

Mga Hakbang na Pampigil

Ang ROV ay magkakaroon ng mga sumusunod na pampigil na hakbang na panseguridad, bago ang at sa panahon ng halalan, upang pigilan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto:

Pampigil na Hakbang na Panseguridad	**Layunin**
Mga Pangkaraniwang Hakbang na Panseguridad	Upang limitahan ang akses sa mga materyal at kagamitan na may kaugnayan sa halalan at sa huli ay pigilan ang anumang mga posibleng pagkagambala.
Reserbang Pamalit sa Server at Network	Upang maiwasan ang pagkagambala ng daloy ng impormasyon kung ang pangunahing server o network ay hindi gumana.
Reserbang Pamalit na Set ng Kagamitan sa Lugar ng Botohan	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang alinmang kagamitan.
Reserbang Kagamitan	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may mawalang anumang kagamitan.

[20] Ang pinakamababang iniaatas na bilang ng mga Sentro ng Pagboto ay nakabatay sa mga kasalukuyang bilang ng pagpaparehistro ng botante sa Santa Clara ayon sa publikasyon ng dokumentong ito.

Reserbang mga Suplay sa Pagboto	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung may mga Suplay sa Pagboto na hindi magamit o mawala.
Reserbang mga Empleyado ng Sentro ng Pagboto na Naghihintay	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi sumipot ang mga Empleyado ng Sentro ng Pagboto.
Mga Pamamaraan sa kahina-hinalang Tao o Bagay	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung ang isang kahina-hinalang tao o bagay ay lumitaw.
Mga Manwal na Sistema na nasa Lugar	Upang maiwasan ang pagkagambala sa proseso ng pagboto kung hindi magamit ang kagamitan sa elektronikong pagboto.

Para sa detalyadong pag-iisa-isa ng bawat isa sa mga pampigil na hakbang na panseguridad sa itaas, mangyaring tingnan ang Apendise C.

Alternatibong Plano

Gagawin ng ROV ang lahat ng posibleng hakbang upang matiyak ang isang maayos na proseso ng halalan, gayunpaman, kung may mangyayaring pagkagambala, may mga nakahandang partikular na hakbang ang ROV upang maipagpatuloy ang gawain kung sakaling magkaproblema. Ang ROV ay tumukoy sa ilang mahahalagang posibleng pagkagambala:

- Pagkawala ng Kuryente sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon Tungkol sa Halalan
- Pagkawala ng kuryente
- Masamang panahon
- Sunog o ibang kalamidad
- Hindi maayos na paggana ng kagamitan sa pagboto
- Tumigil na gumana ang makina ng Mahihinging Balota
- Pagkaantala ng koneksiyon sa internet
- Hindi pumasok ang mga empleyado ng Sentro ng Pagboto
- Hindi Magamit na Sentro ng Pagboto

Para sa pag-iisa-isa ng mga pagkagambalang ito, mga solusyon ng ROV, at mga karagdagang hakbang ng ROV para sa hindi inaasahang pangyayari, tingnan ang Apendise D.

Seksyon 5: Mga Plano sa Seguridad at Pagkapribado ng Sentro ng Pagboto

Disenyo at Balangkas-kayarian ng Sentro ng Pagboto

Ang pamantayang Sentro ng Pagboto ay hindi kukulangin sa 60’x60’ upang matiyak ang pinakamataas na daloy habang nagkakaloob ng sapat na espasyo para sa mga itinalagang lugar ng pribadong pagboto. Mayroong itatalagang sistema ng pagpila na magdidirekta sa mga botante sa mga angkop na tauhan, isang mesa sa pag-sign in upang iproseso ang mga botante sa bagong elektronikong pollbook, lugar ng printer para sa Mahihinging Balota kung saan ipi-print ang mga balota, at mga booth sa pagboto at mga lugar ng Kagamitang Pagmarka sa Balota. Ang Apendise E ay nagpapakita ng pangkalahatang disenyo ng balangkas-kayarian na gagamitin bilang patnubay, pero ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng naka-customize na balangkas-kayarian batay sa mga dimensyon ng lokasyon.

Seguridad ng Pagboto

Lahat ng kailangang hakbang ay ginagawa upang matiyak ang pagkakompidensiyal, integridad, at seguridad ng mga datos ng botante. Lahat ng datos ng botante ng County ay iniimbak sa mga tipunan ng datos at mga server na gumagamit ng mga hakbang na panseguridad na idinisenyo upang protektahan ang mga datos habang pinanatiling nakahandang gamitin ng mga tauhan ng County.

Sa pangunahing opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV), naka-air gap ang sistema ng pagboto, na nangangahulugang wala itong access sa panlabas na network. Ang tanging akses sa sistema ng pagboto ay sa pamamagitan ng pisikal na pagpasok sa silid ng server na kinalalagyan ng sistema. Tungkol sa seguridad ng computer, kung walang oras upang ligtas na isara ang mga desktop computer, dapat isarado ng mga tauhan ang computer sa pamamagitan ng paggamit ng Ctrl+Alt+Delete. Ang dahilan nito ay maaaring hindi sapat ang pagpindot sa power button nang isang beses lang para putulin ang koneksiyon at ganap itong maisara. Kung walang kuryente, ang mga tauhan ay dapat maghintay para sa direksiyon mula sa Help Desk tungkol sa pinakamahusay na paraan upang hawakan ang mga computer.

Sa mga Sentro ng Pagboto, may access ang mga tauhan sa halos real-time na impormasyon ng mga datos sa pagpaparehistro at kasaysayan ng botante para sa lahat ng botante sa pagpunta nila sa alinman sa mga Sentro ng Pagboto. Ang anumang datos ng botante na ginagawang available sa mga Sentro ng Pagboto at ipinapadala sa pagitan ng mga Sentro ng Pagboto at ng mga server ng mga datos ng County ay ine-encrypt gamit ang mga pinakabagong teknolohiya sa pag-encrypt. Ang mga device at kagamitan lang na partikular sa halalan sa mga Sentro ng Pagboto ang pinapayagang mag-makagamit sa mga datos ng botante at ine-encrypt ang mga datos kapag ipinapapadala at hindi ginagamit. Nagsasagawa ng mga regular na pag-back up ng mga datos, gayundin ng mga detalyadong pagsubaybay sa pag-audit ng interaksyon ng user at mga proseso upang makatulong sa pagtiyak ng kalinawan at seguridad.

Ang mga balotang kinumpleto sa mga Sentro ng Pagboto ay ini-scan at binibilang sa lugar gamit ang mga machine sa pagbilang ng balota na hindi nakakonekta sa alinmang network. Ine-encrypt ang mga datos ng balota at sine-save ito sa isang cartridge na maa-access lang sa pamamagitan ng pisikal na pag-aalis nito sa makina. Ang mga cartridge mula sa bawat makina sa pagbilang ng balota ay ihahatid pabalik sa pangunahing opisina ng ROV para sa pagtatala pagkatapos magsara ng botohan sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan.

Ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM) na natanggap ay tinitipon sa pangunahing opisina ng ROV at itinatago sa isang ligtas na silid ng balota hanggang bilangin. Bago bilangin ang mga balota, ang mga pirma sa mga sobre ng balota ng VBM ay pinatitibayan upang matiyak na ang bawat balota ay mula sa isang nakarehistrong botante. Pagkatapos i-verify ang mga pirma, ang mga balota ay kinukuha at pinagbubukod-bukod sa mga presinto at isinusumite para sa pagbilang. Pagkatapos bilangin, itinatago ang mga balota, batay sa presinto, sa isang hiwalay na ligtas na lugar.

Kung may mangyaring emerhensiya na nag-aatas sa mga tauhan na tanggalin ang mga balota mula sa gusali, dapat lagyan ng teyp ng mga tauhan ang mga kahon, o mga bin at ilipat ang mga ito sa bagong lugar. Kung hindi matatanggal ang mga ito mula sa gusali, ang mga balota ay ilalagay sa isa sa mga protektadong silid. Dapat iwanan ang mga blangko at hindi inisyung balota kung wala nang oras para alisin ang mga ito. Kung may oras pa, ang ROV o itinalaga ay magpapayo sa mga tauhan tungkol sa dapat gawin sa blangko at hindi inisyung mga balota.

Seksyon 6: Badyet

Gumawa ang Tagapagrehistro ng mga Botante (ROV) ng badyet at plano para sa mga kinakailangang mapagkukunan upang makagawa ng maraming bagay na nagbibigay ng impormasyon sa mga botante tungkol sa proseso sa pagboto sa modelong Sentro ng Pagboto. Ang inaasahang badyet ay hindi kasama ang paglalagay ng mga tauhan at ibang mga gastos na kaugnay ng pakikipag-ugnayan. Ipinapakita sa talahanayan sa ibaba ang pag-iisa-isa para sa badyet:

AKTIBIDAD	BADYET
Kabuuang Pag-anunsiyo	**$115,000**
Mga Anunsiyo sa Pahayagan/Oras sa Radyo/ Social Media/Mga Nakalimbag na Anunsiyo	$100,000
Mga Bagong Oras sa Radyo	$15,000
Kabuuang Pakikipag-ugnayan	**$1,135,000**
Mga Suplay at Ipinakikita sa Pakikipag-ugnayan	$4,000
Mga ipinamimigay sa pakikipag-ugnayan (swag) at mga kaganapan	$14,000
Mga ipinamimigay sa pakikipag-ugnayan para sa pamamahagi ng CBO	$1,800
Kagamitan sa pakikipag-ugnayan	$8,000
Printshop ng County/Mga nakalimbag na materyal	$6,000
Mga Pagrenta ng Sasakyan at Gasolina	$1,200
2 direktang pagpapakoreo sa bawat nakarehistrong botante	$1,100,000